OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (632) 981-8500 local 8600, 8601
Telefax: (632) 928-2947 e-mail: ovcca.upd@gmail.com
Website: ovcca.upd.edu.ph

Ika- 22 ng Oktubre, 2018

Memorandum No. JECL – 18 – 57

Para Sa : Mga Dekano, Direktor, Kalihim ng Kolehiyo, Pinuno ng Yunit, Guro at Kawani, Tagapangulo ng Sangguniang Mag-aaral, Pinuno ng mga Samahang Mag-aaral

Paksa : Parada at Paligsahan ng Parol

Alinsunod sa Memorandum No. MLT-18-209 kaugnay sa *2018 Year-End Program* ng UP Diliman, gaganapin ang tradisyong Parada ng Parol sa ika-14 ng Disyembre 2018 (Biyernes), 5:00 ng hapon, sa *Academic Oval* at *Quezon Hall Ampitheater*.

Dadalhin ng Parada ng mga Parol ang kabuuang tema ng *Year-Ender Program* na ***"Paglaot, Pagdaong"***.

Para sa gabay ng mga yunit, kalakip ang Alituntunin sa Paligsahan ng mga Parol at ang Kaayusan sa Parada.

Maraming salamat.

JOSE ERNIE C. LOPE
Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad
Tagapangulo ng *2018 Year-end Program Committee*

Alituntunin sa Paligsahan ng mga Parol 2018

Mga akademikong yunit lamang ng Unibersidad ang kalahok sa Paligsahan ng mga Parol bagamat maaaring gumawa at magparada ng parol ang anumang yunit at organisasyon sa Unibersidad. Layuning maipakita sa pamamagitan ng parol ang interpretasyon ng yunit sa temang ***"Paglaot, Pagdaong"***.

Pinatutunayan ng kasaysayan ang mayamang kultura ng Pilipinas sa larangan ng pakikipag-ugnayan sa mga dagat na nakapalibot sa kapuluang ito. Pinag-iisa ng mga karagatan ang mga pulo, at maging ng mga kasamahan nitong bansa sa kasalukuyang kinatitirikan nitong rehiyon. Ang pag-usbong ng mga teknolohiyang hindi sumusupil, bagkus ay nakikibagay sa heograpikal na katangian ng pook ay patuloy na nagbibigay-kakayahan sa mga mamamayan na bagtasin ang mapayapa at maunos na karagatan hanggang sa lumampas sa abot-tanaw na pag-asa at pangarap. Ang kahanga-hangang paglalakbay ng mga ninuno na inaawit sa mga epiko ng unang panahon hanggang sa mga bayaning patuloy na naglalakbay sa iba't ibang dako ng mundo ay nagpapatunay ng angking katatagan, pagkamapamaraan, at katapangan ng mga Pilipino.

Sa taong ito, muling babalikan ang mithiin ng Unibersidad na maging giya ng sambayanan sa patuloy nitong pagtahak sa mapanghamong mga daan at paglaot sa dagat ng kawalang-katiyakan, habang tangan-tangan ang paninindigang mapagbuti ang bayan upang sa hinaharap ay sama-samang makadaong sa isang bukas na nagbibigay-halaga sa lahat.

Ang takdang sukat ng parol ay hindi dapat lumampas sa 10x10x10 talampakan. Binibigyan ng ispesyal na halaga ang malikhaing paggamit ng ilaw sa mga parol bilang pag-ayon sa tema. Isang parol bawat akademikong yunit lamang ang maaaring isali sa paligsahan. Hinihikayat ang paggamit ng niresiklong materyales bilang paggalang sa kalikasan. Hinihikayat ang pagiging *eco-friendly* at paggamit ng mga alternatibong pagpaparada at pag-iilaw ng parol. Mungkahing maidispley na ang mga parol sa mga gusali ng mga akademikong yunit isang linggo bago magsimula ang parada.

Bubuuin ng limang miyembro ang lupon ng inampalan na pipili sa mismong araw ng parada sa mga mananalong parol sa paligsahan. Iaanunsyo ang mga nagwagi sa pagtatapos ng Programa ng Parada ng mga Parol.

Mga batayan sa pagpili ng magwawaging parol:

Pagsunod sa tema	: 20%
Malikhaing paggamit ng materyal	: 30%
Presentasyon at biswal na epekto	: 40%
Pagiging *eco-friendly*	: 10%

Mga Paalala sa Paglalarawan ng Parol at Pagtatanghal

1. May kabuuang 2.2 kilometro ang kahabaan ng UP Academic Oval.

2. Ang paglalarawan sa inyong parol ay hanggang maximum 300 na salita lamang. Gawing *double-spaced,* 14 pts ang pagkakasulat. Ipadala ang ecopy ng inyong